# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN
## Sta. Cruz, Laguna

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG PEBRERO 07, 2022, LUNES, IKA-9:41 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ..... | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kagalang-galang Louie C. De Leon | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Ramon D. Tan | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Mark Anthony P. Joven | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lucena R. Odejar | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Alan T. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Patrocinia S. Kalaw | ..... | Kagawad/ABC Federation President |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Efren L. Diaz | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Regine S. Regalado | ..... | Kagawad/ SK Federation President |

SANGGUNIANG BAYAN RECORDED By: 28 FEB 2022 Date: Santa Cruz, Laguna

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN RELEASED NAME DATE 03/01/22 TIME STA. CRUZ, LAGUNA

**KAPASIYAHAN BLG. 197-T2022**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 062-T2021/ ORDINANSA SA LAANG GUGULIN BLG. 012-T2021 NG SANGGUNIANG BARANGAY NA NAGKAKAHALAGA NG ANIMNAPUNG LIBO DALAWANG DAAN LABING APAT NA PISO AT PITUMPU'T APAT NA SENTIMOS (P60,214.74) PARA SA ISANG BAHAGDANG (1%) CHILD PROTECTION FUND NG BARANGAY SAN JUAN, SANTA CRUZ, LAGUNA.**

**SAPAGKAT**, may mga binalangkas na programa, proyekto at gawain ang Sangguniang Barangay ng San Juan para sa Child Protection sa taong 2022;

**SAPAGKAT**, ang mga nasabing programa, proyekto at gawain, ayon sa pagsusuri ay tumutugon sa pangangailangan para sa Child Protection ng nabanggit na barangay.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO**, sa mungkahi ni Kagalang-galang Louie C. De Leon (Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan), na pinangalawahan ng lahat ng kasapi ng Sangguniang Bayan, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 062-T2021/ Ordinansa sa Laang Gugulin Blg. 012-T2021 ng Sangguniang Barangay na nagkakahalaga ng P60,214.74 mula sa Isang Bahagdan (1%) Pondo para sa Child Protection ng Barangay San Juan, Santa Cruz, Laguna.

**INIUUTOS** : Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos at Sangguniang Barangay ng San Juan, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Pebrero 07, 2022**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**MARIA TERESA ROBLES-LABOG**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

**KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**KGG. EDGAR S. SAN LUIS**
Punong Bayan
2/28/22